

Manwal ng

Sentro ng Wika at Kultura

(SWK)

Nilalaman

Mensahe ng Pangulo 1

Mensahe ng Pangalawang Pangulo 3

Mensahe ng Direktor 5

Rasyonal

1.1 Mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino Misyon ng KWF 6

Misyon ng KWF

1.1.1 Bisyon ng KWF 7

Kahalagan ng Sentro ng Wika at Kultura

2. Batayan ng SWK

2.1 Kinalalagyan ng SWK sa KWF 8

Adhikain ng SWK

2.2 Tungkulin ng SWK sa Rehiyon/Lalawigan/Bayan 10

2.3 Mga Programa at Serbisyo ng SWK 11

3. Pagpili ng SWK

3.1 Pagbuo ng Adhikain at Tunguhin 14

3.2 Paghirang ng Direktor at Pagpili ng mga Tauhan 15

3.3 Gampanin ng Unibersidad/Kolehiyo sa SWK 16

TIMELINE





LAVanan sa Sabayang Pagbigkas

Pagbati sa mga Kalahok sa LAVanan ng Sabayang Pagbigkas. Salamat sa DepEd Marinduque at Marinduque National High School sa pakikipag-ugnayan sa Marinduque State College School of Education Laboratory School, MSC School of Liberal Arts, MSC School of Technology at MSC School of Engineering sa pagsali sa Patimpalak sa Madulang Bigkasayawit handog ng Tanggapan ni Kgg. Lord Allan Q. Velasco, kinatawan ng Lalawig-an ng Marinduque sa Kongreso. Magkita-kita po muli tayo sa susunod na linggo para sa Pang-Senior at Junior High School.

4. Pangangasiwa sa SWK 17

4.1 Pangangasiwa sa Operasyon 19

4.2 Pangangasiwa sa Proyekto

5. Paggawad ng selyo ng "Dangal ng Wika at Kultura"


Mga piling aktibidad

A. Tertulyang Pangwika 23

B. Tertulyang Pampanitikan 27

C. LAVanan sa Sabayang Pagbigkas 29

Timeline



Mensahe ng Pangulo

Maligayang Buwan ng mga Kababaihan, lubos na ikinalulugod ng tanggapan ng Pangulo ang "Manwal ng Sentro ng Wika at Kultura" ng sariling atin. Kaugnay nito buong pagmamalaking ipinababatid ang mga tagumpay ng ating Pamantasan sa hinahaharap ganap nang Level 3 ang ating institasyon gayundin napalampasan rin ang akreditasyon ng lahat ng mga programa ng paaralan natin at sa ikalawang pagkakataon ay nakatanggap ng Performance– Based Bonus ang MSC. Kaagapay ng Pamahalaang Paaralan natin ang sentro ng Wika at Kultura upang lubos na maramdaman ng Komunidad ang tatak– MSC, tatak– mahusay!

Muli, lubos na pagbati sa SWK Marindukanon at sa direktor nito.

Dr. Merian Catajay– Mani

Pangulo, Marinduque State College

The next two speakers came full circle, Adrian Rosales and Isabel Palomares Ball provided some advocacy from the local Marinduque Media Practitioners. Rosales represents the Philippine Science Journalists' Association (PSciJourn) – Marinduque. Meanwhile, Ball, emphasized the importance of literature and journalism and other societal issues of today like Healthy Environment as Legacy for Marinduque (HELM)'s concern for mining and river systems.

Other pingkian events were also held at Darckylock's Cafre in Gasan with a benefit exhibit and mini-workshops by Aizel Lacdao who regularly organizes Laro, Likha, Lakbay community immersions. The National Literature Month is spearheaded by the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), National Book Development Board (NBDB) and National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

The event celebrated the literature month and was launched beginning with small talks from distinguished speakers from the different fields of literature.

The intention of SWK Marindukanon's " Tertulyang Pampanitikan" is to make a series of workshops where students of creative writing and creative non-fiction can craft a literary folio as part of their final output. Tertulya means gathering, informal meeting or creatives coming together.

Dindo Asuncion, the author of "Marinduque: Heart of the Philippines," and the current tourism officer of Marinduque shared his insights of being a "reluctant writer." Along with Asuncion, John Mark Valencia rounded up the morning session, as one of the founding members of the then School of Arts and Sciences (SAS) Litera Club provided some inspiration to young and struggling writers.





Mensahe ng Pangalawang Pangulong

Makabuluhang bati ng Buwan ng Kababaihan at 99 taon ng pagkakatatag ng Marinduque isang taon pa ay isang siglo na ang lalawigan natin.

Bilang tugon sa panawagan ng Pangulo ng Pamahalaang paaralan ng Marinduque, sa kahusayan serbisyo at inobasyon ang Sentro ng Wika at Kultura (SWK) Marindukanon ay walang humpay sa tangkilik at taguyod. Sa halos tatlong taon ng SWK Marindukanon ay mayroon nang napundar na mga proyekto kagaya ng Tertulyang Pangwika, Tertulyang Pampanitikan at Uswag– dangal ng Wikang Filipino.

Nawa'y tuloy-tuloy ang mga proyekto ng KWF at SWK Marinduque hindi lang sa Marinduque kundi maging sa rehiyon at buong kapuluan.

Dr. Verna Liza Capiňa

Pangalawang Pangulo, Akademik



Mensahe ng Direktor

Makabuluhang Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika. Gayundin sa okasyon na taon ng pagsasarili ng lalawigan sa Mindoro, Batangas at Quezon.

Sa bisperas ng unang siglo ng Marinduque bilang awtonomus na lalawigan, nagsisimula nang maisakatuparan ng SWK Marindukanon ang adhikain at tunguhin ng /sa/ para sa pook ng Marinduque bilang isla sa MIMAROPA at Kapuluan ng Pilipinas.

Bilang rehiyonal na sangay ng Komisyon ng Wikang Filipino, malugod na ginagampanan ng MSC SWK Marindukanon ng Mandato, bisyon at misyon nito sa pook, rehiyon at kapuluan.

Mabuhay ng Wika at Kulturang Marindukanon! Para sa susunod na daan taon!

Dr. Randy T. Nobleza

Direktor, MSC SWK Marindukanon

PINGKIAN SPARKS MARINDUKANON CREATIVE WRITING AND NON-FICTION

By: Loren Mercolesia





Boac, Marinduque - Last April 6, 2018, the Marinduque State College (MSC) Sentro ng Wika at Kultura (SWK) Marindukanon organized a Seminar – Workshop on Creative writing and non-fiction as part of the 2018 Natiional Literature month with the theme "Pingkian." As Emilio Jacinto's pen name denotes, spark the activity ignited a flame within the inner Baslagtas of the students from AB– English III and Senior High School students held at the MSC Research Park from 8:00 am to 5:00 pm.

Noong ika 24 naman ay ang Kagawaran ng Edukasyon dibisyon ng Marinduque distrito ng Sta.Cruz at Mogpog sa ikatlong serye ng Tertulyang pangwika. Si Gng. Clarissa Lagrama-Mantal ay nakadalo at nagsilbing tagapanayam. Kinatawan naman ng kawaksing dekana ng paaralan ng Edukasyon sa MSC Sta.Cruz, si Dr. Susan Pineda ang kinatawan ng direktor ng campus sa Sta.Cruz.

At noong ika 31 ng Agosto ay dumayo naman sa MSC Gasan ang Tertulyang pangwika kung saan ang direktor ng SWK ang nagbigay ng panayam tungkol sa kultural na pagmamapa, Bilang ayuda, naglahad rin ang mga lokal na mananaliksik sa larang ng pangisdaan, sina G. Owel Villaviciencio at G. Regie Mampusti na kumatawan kay Dr. Doreen Mascareñas.

Nagbigay ng pambungad na pananalita ang direktor ng campus ng MSC Gasan si Emma Cabildo at nagbigay rin ng mensahe ang direktor ng paaralan ng pangisdaan si Orlen Mallen.

1.**Rasyonal**

1.1 Mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang nag-iisang ahensiyang pangwika ng Pamahalaan na nakatuon sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika sa Filipinas. Bilang ahensiyang nasa ilalim ng pangangasiwa ng Tanggapan ng Pangulo, nilikha ang KWF upang magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga saliksik at mga proyekto para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika sa Filipinas.

Misyon ng KWF

“Itaguyod ang patuloy na pag-unlad at paggamit ng Filipino bilang wikang pambansa habang pinangangalagaan ang mga wikang katutubo ng Filipinas tungo sa pagkakaunawaan, pagkakaisa, at kaunlaran ng sambayanang Filipino.”

1.1.1 Bisyon ng KWF

Wikang Filipino: Wika ng Dangal at Kaunlaran

Kahalagahan ng Sentro ng Wika at Kultura

Saligang Batas 1987 Artikulo 14 Seksiyon 9

"Dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon at disiplina na magsasagawa, mag-uugnay , at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap, at pagpapanatili".

Saligang Batas 1987 Artikulo 17

"Dapat kilalanin, igalang, at pangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kanilang mga kultura, tradisyon, at mga institusyon. Dapat isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbabalangkas ng mga pambansang plano at mga patakaran".

Ang serye ng mga panayam tungkol sa pananaliksik, gayundin sa paggamit ng Wika sa pananaliksik. Tampok rin ang mga pamanang matatagpuan sa lalawigang maaaring iklasipika na higit sa nasasalat, natitinag at hindi natitinag. Ang inaasahang awtput ay mga panukalang pananaliksik tungkol sa mga lokal na pamana at paggamit ng Wikang Filipino.





Ang pangalawang pangulo para sa pananaliksik, ekstensiyon, pagsasanay at pagunlad, Dr. Edelwina Blasé ay nagbigay ng oryentasyon sa bagong prioridad, programa at area ng pananaliksik. Nakasama si Prop. Teresita Tubongbanua na nagtalakay ng detalyado tungkol sa pananaliksik, sa mga katangian, proseso, bahagi at hakbang sa pagsasagawa nito. Nakadalo rin ang direktor ng mga natatanging proyekto at pangkalikasan, si G. Harvey Dulay upang magtalakay ng mga potensiyal na saliksik mula sa ibinahagi ni Dr. Blasé na mga programa at prioridad.

BUWAN NG WIKA IPINAGDIWANG SA PAMAMAGITAN NG TERTULYANG PANGWIKA TAMPOK ANG MGA PAMANANG MARINDUKANON

Ni: Joyce Aguilar

Sa buong buwan ng Agosto 2018 ay nagsagawa ng serye ng mga Tertulyang Pangwika ang MSC Sentro ng Wika at Kultura. Nagdaos ng mga aktibidad ang SWK Marindukanon na may layuning mapataas ang interes sa pananaliksik pangwika at pangkultura.





Ayon sa ulat ni Dr.Randy Nobleza, ang direktor ng MSC SWK, unang isinagawa ang Tertulya noong ika 10 ng Agosto 2018 sa audio-biswal na silid ng MSC sa Boac campus sa pangunguna ni Dr. Verna Liza Capiña bilang kinatawan ni Dr. Merian Catajay-Mani pangulo ng pamahalaang kolehiyo ng Marinduque.


2. Batayan ng SWK

Ang SWK ang bagong sangay ng KWF sa mga rehiyon, lalawigan, at bayan alinsunod sa pinagtibay na Kapasiyahan ng mga Komisyoner Blg. 13-22 serye 2013 na pinamagatang "Pinagtibay ang Kapasiyahan sa Reoryentasyon ng Sentro ng Wika at Kultura ng KWF."

Ang pagbuo ng SWK ay pagtupad sa isinasaad sa seksiyon 14 letra G ng Batas Republika Blg. 7104 o *An Act Creating the Commission on the Filipino Language Prescribing its powers, duties and functions, Appropriating Funds Therefore, and for Other Purposes.*

2.1 Kinalalagyan ng SWK sa KWF

Ang SWK ay ipaiilalim sa pangangasiwa at tuwirang koordinasyon ng Tanggapan ng Tagapangulo na magtatalaga ng tagapag-ugnay nito. Pamamahalaan ng nasabing tanggapan ang pakikipag-ugnayan sa mga programa at proyekto ng KWF tungo sa pagsasakatuparan at diseminasyon sa pamamagitan ng SWK.



Sa tulong ng dalawang tagapanayam ay naisakatuparan ang Tertulyang Pangwika: Marindukanon para makapagpalawak, at makagpalalim at makapagpalaganap ng kamalayan sa katutubo at pambansang kultura/wikang matatagpuan sa Mariduque. Naging tampok ang sariling wika at mga makasaysayang lugar sa henerasyon. Mahalaga ang papel ng mga kabataan magingb ng mga guro para maitaguyod, tangkilikin at mapag-ibayo ang wika at kulturang Marindukanon.

KAUNA-UNAHANG TERTULYANG PANGWIKA IDINAOS TUNGKOL SA WIKA AT KULTURANG MARINDUKANON

Ni: Abegail Magculang

Batay sa ulat ni Dr. Randy T. Nobleza, patungkol sa Tertulyang Pangwika: Marindukanon, noong August 11, 2017 ay nagsagawa ang Marinduque State College (MSC) ng Tertulyang Pangwika: Marindukanon.

Ang layunin nito ay upang magpalawak at makagpalalim at makapagpalaganap ng kamalayan sa katutubo at pambansang kultura/wikang matatagpuan sa Marinduque. Dumalo dito ang mga bihasa at paham sa wika at kulturang Marindukanon at nagbahagi nang kanilang mga naging pag-aaral at adhikain.

Ang mga nagging tagapanayam sa programang ito ay sina G. Jerammeel Laderas na kasalukuyang nagtuturo ng Araling Panlipunan sa Marinduque Midwest College sa Gasan, Marinduque at nakagawa ng pag aaral tungkol sa Marindukanong wika, ang Marinduque Tagalog. Si Bb. Jellie Jalac naman ay kasalukuyang nagtuturo ng Senior High School sa Mataas na Paaralan ng Bambang at nagsaliksik ukol sa panandang pangkasaysayan sa buyong lalawigan.

Adhikain ng SWK

"Isulong at payabungin ang katangiang pangwika at pangkultura ng pook na kinalalagyan nito habang pinalalaganap ang wikang Filipino."

2.2 Tungkulin ng SWK sa Rehiyon/ Lalawigan/ Bayan

a. manguna at lumahok sa pagsusulong ng mga katangiang pangkultura ng pook na kinalalagyan nito.

b. manguna at magsagawa ng mga pagdiriwang, pag-aaral, at eksibisyon ng wika at kultura ng naturang pook.

c. manguna at magsagawa ng saliksik sa larang akademiko gaya ng agham panlipunan, agham pangkalikasan, at matematika sa wikang Filipino, at sikaping makatulong sa bagay na ito ang yunit saliksik ng unibersidad o kolehiyo.

d. makipagtulungan sa mga lalawigan, rehiyon o bayan sa loob ng kinaroroonang unibersidad lalo na sa mga kapisanang pang-estudyante at pangguro, mga kolehiyo at sentro para sa ibang larang akademiko, alumni association, PTA, at katulad.

e. magtatag ng matalik na ugnayan at pakikipagtulungan sa mga institusyon sa loob at labas ng paaralan, rehiyon, lalawigan at bayan gaya sa DepEd, CHED, TESDA, DOT, NCIP, DILG, samahang masang mga katutubo, at pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Indigenous People's Mandatory Representative (IPMR), tungo sa katuparan ng mga adhikaing pangwika at pangkultura nito.

f. magtaguyod sa lahat ng kampanya at proyekto ng KWF, lalo na sa pagpapalaganap at sa pangangalaga sa kapakanan ng mga guro sa Filipino.

g. mangasiwa ng mga aktibidad para sa KWF, gaya ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika, Araw ni Balagtas, mga kumperensiya at pagsasanay ng mga guro, seminar, palihan, gawad, timpalak, at katulad para sa pagpapalaganap ng wikang Filipino nang may kaukulang pahintulot ng KWF.

2.3 Mga Programa at Serbisyo ng SWK

a. manguna at magtaguyod ng mga programa na magtatanghal ng identidad at pagsusulong ng kultura ng pook na kinalalagyan.

b. pasiglahin ang tangkilik ng Estado sa pamamagitan ng makabuluhang mga saliksik at pag-aaral tungkol sa wika at kultura ng pook.





c. gagawaran ang isang sentro ng selyong "Dangal ng Wika at Kultura" bilang pagkilala at pagdangal sa naturang kakayahan ng isang paaralan, institusyon, at organisasyon.

d. tatanggap ang SWK ng isang katibayan, ang selyong "Dangal ng Wika at Kultura" mula sa komisyon sa Wikang Filipino, bukod sa tulong at patnubay sa pagsasagawa ng mga proyekto.

e. hindi ang naturäng selyo maaaring bawiin ito ng KWF kapag napatunayan ng SWK ang mga tungkuling isinasaad ng unang paggagawad ng isang SWK.

f. magiging permanente ang selyong "Dangal ng Wika at Kultura" sa isang SWK kapag tatlong ulit itong tumanggap ng paghirang mula sa KWF.





4.1 Pangangasiwa sa Operasyon

Bumuo ng panukatan sa ebalwasyon ng mga pinagtibay na programa at proyekto ang pangulo ng unibersidad o kolehiyo at KWF upang mataya ang resulta ng mga gawain ng SWK at maseguro ang husay sa implementasyon nito.

4.2 Pangangasiwa sa Proyekto

tuwirang pamumunuan ng direktor ang lahat ng prosesong pagdaraanan sa implementasyon ng mga gawain.

5. Paggawad ng selyo ng "Dangal ng Wika at Kultura

a. taon-taon ang lahat ng SWK ay magkakaroon ng ebalwasyon alinsunod sa pagtupad nito sa bawat pantaunang programa at pakikiisa sa mga gawaing pambansa ng KWF.

b. ang "Dangal ng Wika at Kultura" ay iginagawad bilang selyo ng ekselensiya sa isang SWK.





c. ipabatid sa madla ang mga kalakaran, patakaran, at programang pangwika upang mapahusay ang paraan ng pagtuturo ng mga guro at maunawaan ng mga estudyante o pangkalahatang publiko.

d. tumulong at pumatnubay sa pagsasagawa ng mga pambansa/ panre-hiyong proyekto at programa ng KWF

e. taunang isulong at pangasiwaan ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika at pag-alaala sa Araw ni Balagtas at katawanin ang KWF sa pagtupad ng mga pangunahing programang isinusulong gaya ng malalaking kumperensiya.

f. bumuo ng aklatan na maglalaman ng mga publikasyon ng KWF at koleksiyon ng mga babasahing pangwika at pangkultura ng pook.

3. Pagpili ng SWK

a. sisimulan ang paghirang sa magiging SWK mula sa hanay ng dating mga Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino (PSWF).

b. ibabatay ang paghirang mula sa nasiyasat na mga gawain at proyekto ng kandidatong paaralan/institusyon/ organisasyon sa larang ng wika at kul-tura, sa mga inisyatiba para tupdin ang naturang gawain, at sa isusumiteng programa nito tungo sa pagsusulong pa ng wika at kultura.





c. para lumawak ang organisasyon, ibubukas ng KWF ang pagkakataon ng humirang ng iba pang SWK sa rehiyon, lalawigan, o bayan. Bagaman may tuon ang programang ito sa mga Estadong Unibersidad at kolehiyo (EUK), ibinubukas din ang pagkakataon na makapag-aplay ang isang pribadong paaralan o lokal na pamahalaan para magkaroon ng isang SWK lalo na sa mga pook na walang EUK.

d. kung ang isang SWK ay itatayo sa isang paaralan, kailangang sundin ang sumusunod na mga hakbang:

(1). magpahayag ng intensiyon ang KWF sa paaralan hinggil sa SWK o kaya magpapahayag ng intensiyon ang paaralan hinggil sa pagtatayo ng SWK.

(2). marapat na ilakip sa liham ang pagpapahayag ng intensiyon ang kaukulang impormasyon hinggil sa kasaysayan ng paaralan/ institusyon/ organisasyon, natatanging proyektong pangwika at pangkultura, mga sangal at gawad na natanggap, at mga planong panghinaharap.

(3). kapag nagkasundo, magkakaroon ng Memorandum ng pag-uunawaan ang KWF at ang paaralan. Ang prosesong ito ay aplikable sa

c. pagpapadala ng kaukulang impormasyon hinggil sa programa ng KWF .

d. pagpabatid sa ilang proyekto na may inilaang badyet na maaaring lahukan ng SWK lalo na sa proyekto tungkol sa seminar, publikasyon, at saliksik.

e. pagdaraos ng kaukulang mga pagsasanay at oryentasyon sa magiging pinuno at mga kawani ng SWK.

f. pagkakaloob ng mga aklat, sanggunian, babasahin, poster, iba pang materyales na may kaugnayan sa mga tungkuling pangwika at pangkultura ng SWK.

g. pagbuo ng mga aktibidad o pagtulong sa pagbuo ng mga ito para mapasigla ang gawain ng SWK, umakit ito ng pansin at pakikiisa sa loob at labas ng unbersidad at makapaglingkod sa pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa Filipino.

h. paglahok sa adyendang pananaliksik ng unibersidad, at/o ng KWF na may angkop na Memorandum ng Pag-uunawaan kung saan ang gawain ay katuwang ang KWF.

c. paglalaan ng isang maluwag at mayaos na opisina na para sa SWK at pagsagot sa paglilinis, konsumo ng tubig at koryente, suplay pang-opisina at iba pang kailangan sa araw-araw na gawain ng SWK.

d. pagtatakda ng mga tungkulin sa mga tauhan ng SWK alinsunod sa pangkalahatang regulasyon ng paaralan.

e. pangangasiwa sa regular na gawain at programa ng SWK.

f. ang hakbanging ito ay aplikable sa pribadong institusyon, LGU at iba pang entidad na maaaring pagtayuan ng SWK.

g. Pagbibigay ng insentibo gaya ng deloading, research grant, pribelehiyo sa director at sa mga tauhan sa SWK.

4. Pangangasiwa ng SWK

a. pagbibigay ng tulong sa paghirang ng unibersidad o kolehiyo ng direktor at iba pang tauhan ng SWK.

b. pagsuri at pagpapatibay sa anumang plano o programa na maaaring ipadala ng unibersidad o paaralan, at pagbibigay ng patnubay ng teknikal na proyekto.





pribadong institusyon, LGU, at iba pang entidad na nagnanais magkaroon ng sariling SWK. Dahil dito, magiging modelo ang sumusunod pang hakbangin sa pagtatayo ng SWK sa mga paaralan para sa pamahalaang lokal at pribadong intitusyon.

e. bawat Sentro ng Wika at Kultura ay hihirangin ng KWF sa pamamagitan ng isang kapasiyahan ng Kalpunan ng mga Komisyoner.

f. bawat sentro ay inaasahang maging modelo sa saliksik, pag-iimbak at pagtatanghal ng wika at kulturang pambansa.

g. bago ang opisyal na paghirang sa direktor ng SWK, bibigyan ng pabatid ng unibersidad o kolehiyo ang KWF sa proseso ng paghirang upang makatulong ang KWF sa pagsusuri ng unibersidad o kolehiyo.

3.1 Pagbuo ng Adhikain at Tunguhin

a. iaalinsunod ng SWK ang adhikain at tungkulin nito sa pangkalahatang programa at proyektong pangwika at pangkultura sa rehiyon.

b. marapat na nakaagapay sa adhikain at tungkulin ng unibersidad o kolehiyo ang tutukuying adhikain at tunguhin ng SWK.





3.2 Paghirang ng Direktor at Pagpili ng mga Tauhan

a. hihirangin ng pangulo ng Estadong Unibersidad o Kolehiyo ang direktor batay sa sumusunod:

(1). may mahusay na rekord, pamumuno at walang disiplinari rekord sa unibersidad.

(2). may kakayahang bumuo ng taunang programa alinsunod sa pambansang adyenda ng KWF.

(3). may kakayahang bumuo ng taunang programa sa wika at kultura sa kanilang pook.

b. hihirangin ng pangulo ng paaralan ang direktor mula sa hanay ng kaguruan sa Filipino, o na larang kung wala, at pagtitibayin sa hiwalay na paghirang ng KWF.

c. opisyal na itatalaga ng pangulo ng eskuwelahan sa puwesto ang direktor ng SWK sa pamamagitan ng Memorandum ng Unawaan

d. hihirangin ng pangulo ng eskuwelahan mula sa mga empleado ang kakailanganing mga regular na kawani para sa mga karaniwang gawain ng SWK.





e. itatalaga ng pangulo ng unibersidad o kolehiyo ang mga kailangang mananaliksik at tauhan para sa pagsasagawa ng tanging proyekto ng SWK.

f. ang paghirang ng KWF sa direktor ay kailangang ulitin sa pagtatapos ng takdang panahon ng panunungkulan. Kalakip nito ang posibilidad na irekomenda ng KWF ang pagpapalit ng direktor kung may sapat na dahilan.

g. ang hakbanging ito ay applikable sa pribadong institusyon, LGU at iba pang entidad na maaaring pagtayuan ng SWK. Dahil dito, magiging modelo ang sumusunod upang hakbangin sa pagtatayo ng SWK sa mga paaralan para sa LGU.

3.3 Gampanin ng Unibersidad/ Kolehiyo sa SWK

a. pagpapabatid sa KWF ng mga nais nitong hiranging direktor, kawani at iba pang tauhan sa bubuohing SWK.

b. pagpapanukalang isang pantaunang programa at badyet para sa kaukulang pagsusuri at pagpapatibay ng KWF.



